

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0033
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Outpatient Emergency Care Benefit (OECB Package)


Tanong	Sagot
1. Ano ang PhilHealth Outpatient Emergency Care Benefit (OECB Package)?	<p>Ang OECB Package ay benepisyong PhilHealth para sa mga serbisyo mula sa Emergency Department ng mga ospital. Ang package ay naglalayon na matulongang bayaran ang gastusin ng mga pasyenteng nangngangailangan ng agarang lunas (o ang tinatawag na “urgent at emergent care”) na hindi kailangang ma-admit o ma-confine.</p>
2. Saan maaaring mag-avail ang OECB Package?	<p>Ang OECB Package ay magagamit sa lahat ng mga PhilHealth-accredited Level 1, 2, at 3 ospital, maging pampubliko o pribado.</p>
3. Ano ang kaibahan nito sa tinatanggap na naming benepisyo kapag ang pasyente ay nasa Emergency Department ng ospital?	<p>Sa OECB Package, hindi na kinakailangang ma-admit o lumampas nang 24 oras ang pasyenteng nagmula sa Emergency Department ng ospital bago magamit ang PhilHealth benefit.</p> <p>Kasama sa mga babayaran ng PhilHealth ang consultation fee, mga gamot, laboratories, diagnostics at mga imaging services na ibinigay at ipinagawa sa pasyente habang nasa loob ng Emergency Department.</p> <p>Tandaan lamang na ang mga outpatient surgical at medical procedures na maaaring gawin sa Emergency Department na may kaukulang Relative Value Scale (RVS) codes kagaya ng mga wound suturing, wound dressing, application of cast para sa mga bali ng buto, at iba pa, ay hindi kasama sa naturang OECB Package. Dahil ang mga ito ay mababayaran sa pamamagitan ng All Case Rates (ACR) benefits.</p>
4. Sino ang maaaring mag-avail ng OECB Package?	<p>Lahat ng miyembro ng PhilHealth ay maaaring makapag-avail ng OECB Package.</p> <p>Alinsunod sa UHC Law, ang bawat Pilipino ay awtomatikong miyembro at mabibigyan ng “immediate eligibility” sa ilalim ng National Health Insurance Program (NHIP). Ang mga hindi rehistradong Pilipino naman ay makatatanggap pa rin ng serbisyong medikal habang pinoproseso pa</p>

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0033
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Outpatient Emergency Care Benefit (OECB Package)

	<p>ang kanilang pagpaparehistro.</p> <p>Upang makasiguro na kayo ay rehistrado, maaaring tumawag sa PhilHealth Customer service hotline na makikita sa aming website sa philhealth.gov.ph o pumunta sa pinakamalapit na PhilHealth Office sa inyong lugar.</p> <p>Maaari ring mag-avail ng OECB Package ang foreign nationals na may sapat na premium contributions. Ang eligibility nila ay maaaring ma-validate sa pamamagitan ng mga HCI Portal sa loob ng mga accredited na ospital.</p>
<p>5. Aling mga serbisyo sa Emergency Department ang sakop ng OECB Package?</p>	<p>Nakapaloob sa OECB Package ang Essential Emergency Care List (EECL) na kinabibilangan ng mga pinakakaraniwang serbisyong ginagamit sa Emergency Department. Kasama sa EECL ang consultation fee, diagnostics, laboratory, imaging, at mga gamot</p> <p>Kasama rin sa OECB Package ang referral sa pasyente sa isang Primary Care Facility o Konsulta Provider para patuloy na maalagaan ang kabuoang kalusugan ng pasyente.</p> <p>Ang EECL ay sinisikap ring palawigin pa sa pamamagitan ng mga dagdag na pag-aaral.</p>
<p>6. Magkano ang babayaran ng OECB Package sa mga serbisyo ng ospital?</p>	<p>Ang bawat serbisyong nakapaloob sa EECL ng OECB Package ay may kaakibat na halagang babayaran ng PhilHealth. Tinatawag itong “fixed-fee schedule.”</p> <p>Sa ilalim ng fixed-fee schedule model ng OECB Package, inililista ang lahat ng serbisyong binigay sa pasyente. Kung ang mga ito ay kabilang sa EECL, ito ay sakop ng babayaran ng PhilHealth sa ospital.</p>

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0033
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Outpatient Emergency Care Benefit (OECB Package)

<p>7. Ano ang kailangang bayaran ng pasyente kung siya ay nakatanggap ng serbisyo sa Emergency Department?</p>	<p>Sapagkat ang EECL ay sumasaklaw lamang sa mga pinakakaraniwang serbisyo, ang mga serbisyong tinanggap ng pasyente na hindi kabilang dito ay kailangang sagutin ng pasyente o ng kanyang Health Maintenance Organization (HMO) kung mayroon at iba pang third party payor.</p> <p>Ang mga serbisyong lalagpas sa itinalagang halaga o presyo ng OECB Package, lalo na para sa mga pribadong ospital, ay hindi na sakop ng babayaran ng PhilHealth sa ospital.</p>
<p>8. Kasama ba sa mababayaran ang ambulansya?</p>	<p>Kasama sa layuning bayaran ng OECB Package ang paggamit ng ambulansya sa pamamagitan ng case rates. Magsisimula lamang ito sa susunod na issuance ng OECB Package na magtutukoy sa kaukulang halaga ng serbisyong ito.</p>
<p>9. Meron bang limit sa pag avail ng OECB Package?</p>	<p>Walang itinalaga kung ilang beses maaaring gamitin ang OECB Package.</p> <p>Ang layunin ng OECB Package ay bigyang financial risk protection ang lahat ng miyembro ng PhilHealth na dumaranas ng isang emergency condition.</p>
<p>10. Paano kung ang pasyente ay kinakailangang ilipat sa ibang ospital? Maaari pa din bang magamit ang OECB Package kahit ang pasyente ay nabigyan na ng emergent care sa unang ospital?</p>	<p>Ang unang ospital na nagbigay ng emergent care sa pasyente ay maaaring mag-file ng Referral Package. Subalit kung ang mga serbisyong binigay sa pasyente ay mas angkop sa OECB Package maaaring mag-file ng claim para sa OECB Package. Ang pinaglipatang ospital na nagbigay din ng iba pang mga EECL services ay maaari ring mag-file ng OECB Package kung ito ang naaangkop na benepisyo.</p> <p>Habang ang pasyente ay patuloy na tumatanggap ng mga serbisyo sa Emergency Department ng ospital nang hindi lagpas sa 24 oras, maaaring mag-file ng OECB Package. Kapag ang pasyente ay nangailangan na ng admission o confinement, ang benepisyong maaaring matanggap ng miyembro ay ang mga nasa ACR na pang in-patient.</p>

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0033
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Outpatient Emergency Care Benefit (OECB Package)

11. Kung ang pasyente ay hindi umabot sa pagkakaadmit dahil sa pagpanaw, maari pa din bang magamit ang OECB?	<p>Ang mga pasyenteng naidala sa Emergency Department na nabigyan ng serbisyo at sa huli ay pumanaw ay maaari pa ring mag-file sa OECB Package.</p>
12. Kailangan pa ba ng panibagong accreditation ng mga ospital para makapag-avail ng OECB Package?	<p>Hindi. Ang mga Level 1, 2 at 3 na pampubliko at pribadong ospital na PhilHealth-accredited ay maaari nang mag-file ng OECB package at hindi na kailangang mag-apply pa ng panibagong accreditation.</p> <p>Ang ospital ay kailangan lang mapanatili ang DOH License to Operate, PhilHealth Accreditation, at sumunod sa paggamit sa Fixed Fee Schedule ng EECL.</p> <p>Kung magkaroon ng mga panibagong DOH Standards para sa Emergency Department, kailangang sumunod ng mga ospital sa mga nakasaad sa panibagong polisiya ng DOH para mapanatili ang PhilHealth Accreditation.</p>